# UNITED CHRISTIAN FELLOWSHIP
# MT. TABOR CHURCH

UCF Mt. Tabor CHURCH

New Creation

# 15th Anniversary

September 29, 2024

Therefore, if anyone is in Christ, he is a new creation;
old things have passed away; behold, all things have become new.
1 Corinthians 5:17


# TABLE OF CONTENTS



3 MAN CALLED BY GOD


4 UCF PROGRAMS


15 MT. TABOR CHURCH REC-CREATION CENTER


25 FUTURE MINISTRIES


26 UNITED CHRISTIAN ACADEMY


30 UCA COLLEGE OF ASIA


32 UCF THEOLOGICAL SEMINARY


34 UCF-TV




36 UCF MULTI-PURPOSE COOPERATIVE


37 CALAMITY OUTREACH


38 MISYON


42 MEDICAL-DENTAL-OPTICAL OUTREACH MISSION


46 PAMASKONG HANDOG


48 HIT & RUN


50 GIFT GIVING


51 HOME BIBLE STUDY SCHEDULE


★ UCF GROUP OF MINISTRIES ★



# The man called by the Lord

Bata nang siya'y tawagin ng Diyos, si Rev. Dr. William Sy ay 16 na taong gulang nang tanggapin niya si Hesus sa kaniyang puso. Dala ng kabataan ay lumipas pa ang ilang taon bago maging malinaw sa kaniya ang malaking tawag ng paglilingkod sa Diyos. Mula sa pagtugon sa tawag na ito ay ang pagkakatatag ng mga ministeryong magbubunga ng mga kaluluwa sa kaharian ng Panginoon. Mula noon ay hindi na siya tumigil na sumunod sa Diyos at kumilos ayon sa kaluguran ng Panginoon.

## Man of Faith

*Mula sa binhi ng pananampalatayang inilagak ng Diyos sa puso ng kaniyang lingkod, ang gawain ng UCF na ihayag ang ebanghelyo sa Pilipinas at sa buong mundo ay nagsimula. Alinsunod ito sa utos ni Hesus sa kaniyang mga disipulo sa Aklat ng Mateo.*



1989



1992



1996



1999

## Servant of God

*Sakit, pag-uusig at iba't ibang uri ng pagsubok ang nagtangkang ilayo si Rev. Dr. Sy sa kaniyang tawag, ngunit siya ay naging matatag sa pagharap sa lahat ng ito dahil kilala niya ang Panginoong tumawag at nagbigay ng misyon at pangitain sa kaniya.*



2002



2003



2008



2011

## Preacher of the Word

*Sa bawat siyudad at probinsiya, at sa bawat taong kaniyang nakakasalamuha, ginamit siya ng Diyos upang maging daluyan ng pagpapala at tagapaghayag ng Kaniyang mensahe, mensaheng nagbibigay buhay at pag-asa.*



2013



2014



2017

## Vision Carrier

*Walang hindi tatahakin para sa ebanghelyo. Dahil sa malinaw ang tinig ng kumausap kay Rev. Dr. Sy, buong pusong sumunod siya sa tawag na buuin ang mga ministeryong kakasangkapin sa paghahayag na si Hesus ang tanging daan, buhay at katotohanan.*



2019



2021



2023



2024

# United Christian Fellowship

**I have come that they may have life, and that they may have it more abundantly.**
**JOHN 10:10b (NKJV)**



Ang sumunod sa utos na ipahayag si Kristo ang siyang ginampanan ng UCF sa nakalipas na halos apat na dekada. Maraming lungsod at probinsya na ang dinayo kung saan lingguhang gawain din ang isinasagawa ng mga pastor at manggagawa ng panambahan. Bilang punong pastor, si Rev. Dr. William Sy ang siyang nanguna sa pagdadala ng mensahe ng Diyos sa bawat lugar. Ang pagsama ng Panginoon ay tunay na kaniyang naranasan sa bawat yugto ng Kaniyang buhay paglilingkod at buhay ng pagsunod.

## Sunday Worship Services

Simula noong maitatag ang panambahang tinawag ng Diyos, naging tahanan ang UCF ng libo-libong kaluluwang kinatagpo ng Panginoon Hesus. Kanilang naranasan ang pag-ibig at habag Niya, maging ang kabutihan, katapatan at mga pagpapalang siksik, liglig at umaapaw.



1988 PARAÑAQUE



1990 BIÑAN, LAGUNA

*Naging bukas ang pintuan ng UCF sa lahat ng tupa ng Diyos upang sila ay makabalik sa kaharian Niya.*



1994 TAGAYTAY, CAVITE



1992 TUNASAN, MUNTINLUPA

*Dala ang pag-asang si Hesus ang tunay na Diyos at Tagapagligtas, ang mga manggagawa ay tumugon kung saanman sila idako ng Panginoon.*



2001 VALLEY 2, PARAÑAQUE



2011 CABUYAO, LAGUNA



2024 CABUYAO, LAGUNA

*Araw man o gabi ay tumutuloy sa gawain ang mga lingkod ng Panginoon sa pusong dahil ang Diyos Ama ang nag-utos, sila ay tutugon. Sa maraming taon ay napuno ng di-mabilang na gawain ang panambahan na naglalayong maihayag ang ebanghelyo at umabot sa maraming kaluluwa.*










## Revival Service

Hindi na mabilang ang mga revival service na ginanap sa pangunguna ng mga pastor. Nasaksihan ang tapat na pagkilos ng Diyos at mga buhay na nabago, nabuksan sa katotohanan at napalaya sa tanikala ng kasalanan. Simula noon hanggang ngayon ay hindi nagbabago ang puso ng UCF upang magkaroon ng ganap na karanasan at pagkakakilala sa Panginoon ang bawat mananampalataya.




*Ang Banal na Espiritu ang bumaba at naranasan ng mga miyembro sa bawat Revival Service na siyang patunay na ang Diyos ay buhay sa UCF.*

## Midweek Service

Nagsasagawa rin ng mga midweek service upang paigtingin ang hangaring makapagtanim ng Salita ng Diyos sa puso ng bawat makikinig at dadalo. Dumating din sa puntos na nahati sa bawat fellowship group ang gawain sa dami ng mga taong patuloy na kinasusumpungan ng Panginoon. Bukod sa mensahe ng Diyos na kanilang naririnig, patotoo, pasasalamat at awit ng pagpupuri sa Panginoon din ang kanilang handog.








*Lakas na nagmumula sa Diyos ang siya ring nasusumpungan ng mga kaluluwang uhaw sa Kaniyang presensiya. Iba't ibang karanasan at mga patotoo ang palaging naihahayag dahil sa dakilang pagkilos ng Panginoon at nagtataas sa Kaniyang Ngalan dahil sa Kaniyang kabutihan at katapatan.*



2020 UCF MT. TABOR

# Bible Studies

Isang mahalagang gampanin ng mga lingkod ng Diyos ay ang masigasig na pag-aaral ng Kaniyang Salita. Ito ay tanglaw at ilaw sa bawat hakbangin ng pagsunod ng mga mananampalataya ng Panginoon. Kita ang pagsisikap ni Rev. Dr. Sy na maibahagi ang katotohanan ng Salita ng Diyos saanmang dako at anomang kaparaanan.



1992



2020



2024 *Ang magamit ang mga kaalaman patungkol sa Salita ng Diyos sa kanilang buhay paglilingkod ang pinakamahalagang natutunan ng lahat.*



2015 PARAÑAQUE





2015 BIÑAN, LAGUNA

# Home Bible Church

Mga tahanan ang nagbukas ng pinto upang ang kanilang mga pamilya ay sama-sama sa pagkilala sa Diyos. Dito ay panibagong lakas at sigla ang nararanasan ng mga dumadalo, higit sa lahat ay nakakapakinig ng Salita ng Diyos.




2016



2022



*Ang gawain ng Diyos ay nagpatuloy simula noon hanggang ngayon. Mula sa pagbisita sa kanilang mga tahanan noon hanggang sa paggamit ng makabagong teknolohiya gaya ng Google Meet, lalong nag-alab sa mga puso ng manggagawa na maibahagi ang katotohanan patungkol kay Hesus.*










# Water Baptism

Matapos tanggapin si Hesus bilang Diyos at Tagapagligtas, ang tugon ng Kaniyang mga anak ay sumunod sa Kaniyang kalooban, at ang bawtismo sa tubig ay isa sa mga hakbangin ng isang nakaranas ng habag at awa ng Diyos. Sila ay tinatanggap bilang bahagi ng pamilya ng Panginoon dito sa UCF matapos nilang tahakin ang hakbang ng pagsunod.




*Kasabay ng paglublob sa tubig ay ang pagkamatay ng mananampalataya sa kaniyang sarili at ang muli niyang pagkabuhay bilang isang bagong nilalang.*










*Sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng mga ministeryo ng Diyos ay ang pagkamulat ng maraming kaluluwa sa mensaheng si Hesus ang katotohanan at ang buhay. Kasiyahan at kagalakan ng pamilya ng UCF ang mga kaluluwang kinasumpungan ng Panginoong Hesus ng Kaniyang pag-ibig at habag.*




# Church Services

Iba't ibang serbisyo din ang binuksan ng UCF para sa mga miyembro nito tulad ng child dedication, funeral service, house dedication at maging kasal. Ito ay upang bigyang tugon ang mga pangangailangan ng bawat pamilya sa Diyos na itinuturing na mahalagang ministeryo ng panambahan. Mula rito, sila ay nagagabayan at natutulungang magdesisyon sa kapakinabangan din ng kanilang pamilya.




*Ang mga sanggol ay itinataas at itinatalaga sa Panginoon upang sila ay lumaki sa gabay ng Diyos.*







*Isang selebrasyong maituturing ang alalahanin ang buhay ng mga anak ng Diyos na nasa piling na Niya. Pagkakataon ito upang ang pagmamahal ng Ama ang bumalot sa mga nilisan.*




*Sa UCF, napakahalaga na ang pakikipagtipan ay mayroong basbas mula sa Diyos at nararapat na ginawa para sa Kaniyang kaluwalhatian. Ito ang unang hakbang ng pagtataguyod ng pamilyang susunod sa tawag ng Diyos at mananatili sa Kaniyang kalooban.*



2018 PARAÑAQUE CITY

2021



2021



2023

# Prayer Meeting

Kasama sa mga gawain ng mga manggagawa ang manalangin ng walang patid kasabay ng pasasalamat sa Diyos. Ang mga anak ng Diyos ay tuwinang nagtitipon upang idulog sa Panginoon ang pangangailangan ng kapatiran. Ang bawat pagtawag ng may pananampalataya ay siya namang pinakikinggan ng Ama.



2022

2023

# Mothers & Fathers Day

Ang mga ilaw at haligi ng tahanan ay binibigyang pagkilala at parangal para sa kanilang pagsisikap na itaguyod ang kanilang pamilya at dalhin sila sa paanan ng Panginoon.



2024



2024



2024

*Labis ang saya ng mga magulang dahil may araw na itinalaga upang sila ay bigyan ng espesyal na pag-alala para sa kanilang sakripisyo at pagmamahal sa Diyos at sa kanilang pamilya. Masarap na salo-salo, palaro at panalangin ang tuwinang bungad sa selebrasyon.*




# Bible Race




Sa malamig at preskong lugar ng UCF Mt. Tabor Church Re-Creation Center dumadayo ang kapatiran upang bigyang halaga ang selebrasyon ng Bible Month. Siksik ang bawat araw ng mga palaro at pagsasama-sama na naka-sentro sa Salita ng Diyos. Masasayang kompetisyon na puno ng tawanan, kasiyahan at pagkakaisa ang ikinatuwa ng bawat lumalahok sa Bible Race. Sa huli, ang tunay na Diyos ang naibabahagi sa mga nakiisa sa pagdiriwang na ito.




*Sa laro man o salo-salo, at maging sa ibang preparasyon, ay mababakas ang pagkakaisa ng lahat.*










*Halos isang dekada na nang magsimula ang Bible Race ngunit taon-taon ay kapana-panabik pa rin ang mga aktibidad at programang inihahanda para sa lahat. Maging ang bawat pamilya ay sabik din na makilala ang iba pa sapagkat ang pag-ibig ng Diyos ang nagbubuklod sa lahat.*



1999 TAGAYTAY



2003 BATANGAS



2019



# Family Camp & Getaway

Isang pagpapala ring pagmasdan ang pagsasama at pagkakaisa ng mga pamilya sa UCF. Ngiting hindi matatawaran ang dulot ng kagalakang dahil sa Diyos na siyang nagbubuklod.



2021



2022



*Sama-sama sa saya at galak ang bawat isa kasama ang kanilang mga kapatid sa Panginoon. Simple man ang fellowship ngunit napupuno naman ng galak ang lahat.*



2022



2023





2024

*Isang pamilya kay Kristo ang nararanasan ng mga lumalahok sa Family Camp. Hindi alintana kung bago lamang silang magkakilala dahil sila ay pinagbuklod ng pagmamahal ng Dakilang Ama. Sila ay kakikitaan ng pagkakaisa at pagkakaunawaan.*



1995 TRECE MARTIRES, CAVITE
2003


2007 MT. TABOR


2008


2009

*Sa nakalipas na maraming taon, nagpapatuloy ang mga manggagawa sa kanilang paglilingkod sa Diyos bitbit ang pangako ng dakilang Panginoon.*

# Retreat & Covenant Convention

Taon-taon ay isinasagawa ang retreat at covenant convention kasama ang mga miyembro at manggagawa ng panambahan. Samu't saring mga mensahe ng pastor ang napapakinggan at paalala sa kahalagahan ng pagsunod sa vision at mission bilang kabuuang direksiyon ng UCF. Ang pag-ibig ni Hesus ang siyang nagbubuklod sa panambahan.


2010


2019 MT. TABOR
2021
2022
2023


2024

*Laman ng puso ng bawat isa ang walang hanggang mga papuri at pagsamba sa Diyos ngunit higit pa rito ay magamit sa ministeryo ng Diyos na naaayon sa kalooban ng Panginoon. Ang UCF ay magpapatuloy sa paglakad at pag-abot sa mga kaluluwang kakasumupungin ng Panginoon.*







# Pastor's Appreciation Day

Nasasaad sa Bibliya na ang mga lingkod ng Diyos na namamahala sa Kaniyang mga tupa ay karapat-dapat tumanggap ng paggalang at pagkilala, lalo na ang mga masigasig sa pangangaral at pagtuturo ng Salita ng Panginoon.




*Pasasalamat sa Diyos para sa mga pastor ng UCF na Kaniyang ginamit upang ang ngayo'y mga lingkod at manggagawa ay makakilala sa Diyos.*

# Christmas Celebration

Ang espesyal na araw na ito ay para ipagdiwang ang kapanganakan ng Tagapagligtas at Diyos ng sanlibutan, si Hesu Kristo. Napupuno ito ng walang pagsidlan na galak na ipinapamalas sa mga palaro, awitan, sayawan at pagbibigay.







*Sa mga awitin ay maririnig ang pasasalamat ng bawat isa sa Ama na naghandog ng regalo sa katauhan ng Kaniyang bugtong na anak na si Hesus. Tunay na walang gaganda pa sa araw kung kailan si Hesus ang sinilang, ang Hari ng mga hari at Diyos ng mga diyos.*




# Music Clinic

Ang Music Clinic ay binuksan upang maghasa at magturo ng wastong pag-awit, pagsayaw at pagtugtog ng iba't ibang instrumento sa lahat ng nagnanais madiskubre ang kanilang angking kahusayan sa larangan ng musika. Kaiba sa ibang music school, layunin nitong bumuo ng kalipunan ng mga mang-aawit, mananayaw at musikerong mag-aalay ng papuri sa Diyos.







*Ang mga mag-aaral ay masigasig na nagpapakahusay sa pagtuturo ng mga manggagawa ng panambahan.*




# Tree Planting

Sa mataba at pinagpalang lupain ng Mt. Tabor ay sama-samang nagpupunla at nagtatanim ng mga puno at halaman ang mga manggagawa. Sila ay kaisa sa pagtatanim ng mga binhing inaasahang hindi lamang magbibigay ng buhay sa luntiang kapaligiran, bagkus ay tutugon din sa mga pangangailangan ng ministeryo sa hinaharap.




*Noong 2020 ay humigit kumulang 500 mga puno at halaman ang naitanim sa mga bakanteng lupa sa Mt. Tabor. Ito ay hindi lamang para magkaroon ng sariwang hangin, bagkus ay para masiguradong mayroong aanihin sa susunod na mga taon.*

# UCF MT. TABOR CHURCH RE-CREATION CENTER

Come to Me, all you who labor and are heavy laden,
and I will give you rest.

**Matthew 11:28-29 (NKJV)**






















Malinaw na pangitain sa UCF ay ang magkaroon ng isang lupain kung saan ang panambahan ay makakapagtayo ng retreat at recreation place, maging ng pabahay para sa mga manggagawa, retirement center o home for the elderly sa mga matatanda at bahay ampunan sa mga ulila. Ang mga ito ay unti-unting naisasakatuparan sa pagtatatag ng UCF Mt. Tabor Church Re-Creation Center. Nagsimula bilang nakatakdang libingan ni Rev. Dr. Sy, ngayon ay isa na itong 7 ekteryang lupain.





## Pagpapalawak ng ministeryo

Sa dumaang mga taon ay napatunayang malaki ang paggamit ng Diyos sa Mt. Tabor. Hindi lang ito tahanan ng mga likas na yaman, ngunit mayabong na lupain din kung saan marami sa mga gawain ng panambahan ay dito ginanap at pinasinayaan.



Sa nagdaang mga taon, ang mga manggagawa ng UCF ay nakikiisa sa pagsasaayos ng mga pasilidad na gagamitin sa mga susunod pang mga gawain.



CONSTRUCTION OF CABINS



NATURE TRAILS

Sa ideyang kaloob ng Diyos kay Rev. Dr. Sy, higit na naging mabilis ang mga konstruksiyon at renobasyon ng mga daan at pasilidad.



CONSTRUCTION OF FACILITIES

Taon-taon ay aasahang bagong pasilidad ang itatayo upang makapagserbisyo sa mas maraming bisita at higit na mga programa.

# Maipagmamalaking mga pasilidad

Siniguradong ang lugar ay mayroong kapaki-pakinabang, maayos at magandang pasilidad upang masigurado ang ligtas at komportableng pamamalagi sa Mt. Tabor at pagdaraos ng mga programa dito.



CABINS AND PRIVATE ROOMS



GAZEBO



SEMINAR HALLS | 2011

2024



VIEWING DECKS | 2011

2024



SWIMMING POOL | 2011

2024



DINING HALL | 2011

2024



LOBBY | 2007
2024


NATURE TRAILS


PRAYER MOUNTAIN


OVERLOOKING


OBSTACLE COURSE


CHURCH







SEPTEMBER | 2023




CHURCH INAUGURATION | 2023





## *Paglago sa biyaya*

Sa pamamagitan ng pagpapala at pabor ng Diyos sa panambahan ng UCF sa taong 2023, pinangunahan ni Rev. Dr. Sy ang konstruksiyon ng isa pang panambahan ng UCF sa Mt. Tabor.



JUNE | 2023

Sa patuloy na paggabay ng Diyos, ang UCF Mt. Tabor Church ay naitayo sa loob ng apat na buwan lamang at handa nang magamit para sa gawain ng Diyos at pag-akay ng mga kaluluwa sa paanan ng Ama.

JULY | 2023



Ang mga manggagawa ng UCF ay nagbigay ng kanilang oras at talento para sa tulong-tulong na pagtatayo ng panambahan.



CHURCH DEDICATION | 2023



2012

# Sunday Worship Services

Ang lingguhang gawain sa Mt. Tabor ay nagsimula pa noong 2012 kung saan matapos ang gawain sa Parañaque ay bibiyahe ang mga manggagawa patungong Cabuyao, Laguna. Ngayon, sa pagdami ng mga manggagawang nagmamahal sa Diyos ay regular na ang gawain sa Mt. Tabor na nagbunsod ng pagyabong ng bilang ng dumadalo at kasalukuyang mga miyembro.



2023 | UCF MT. TABOR CHURCH DEDICATION

*Pagdakila sa DiyosAma ang laman ng bawat awit, sayaw at maging ng mga palakpak ng kapatiran sa pinagpalang araw na ito.*

2024



*Mula noong church dedication ay lingguhang gawain na ang ginaganap na nagtatanim ng Salita ng Diyos sa puso ng mga tagapakinig.*




## Lugar ng kapayapaan ng Diyos

Ang Mt. Tabor ay nagsisilbing lugar ng kapahingahan at fellowship ng pamilya ng UCF. Ang malamig na hangin at maaliwalas na kalikasan ay nagbibigay ng magaang pakiramdam sa kung sinomang bumibisita rito. Lugar din ito kung saan ang mga anak ng DIyos ay nakakaranas ng Kaniyang presensiya.




*Masayang nagtulong-tulong ang kapatiran na gumawa para sa ministeryo ng Mt. Tabor.*



*Nagbigay ng kaniya-kaniyang oras at lakas ang bawat isa upang makiisa sa pagsasaayos ng lugar.*



*Tunay na isang lugar ng kapahingahan ang Mt. Tabor kung saan ang kapatiran ay nararanasan ang Kaniyang presensiya at kapayapaan.*




*Dito rin nagkakaroon ng mga pagsasalu-salo at patotoo ng kabutihan ng DIyos sa buhay ng Kaniyang mga anak na nais sumunod sa Kaniya,*







Hindi mawawala ang pagtitipon tipon ng mga kapatiran na nais makasunod sa ating Panginoong Hesus. Ito rin ay nagsisilibing pagpapalakasan ng bawat isa.










"Nagpapasalamat ako sa Panginoon dahil nagbukas Siyang muli ng oportunidad sa pamamagitan ng Kaniyang tawag na magsagawa ng training program sa Mt. Tabor upang ako ay mahubog sa aking espirituwal, pisikal at emosyonal na aspeto."



**Sis. Beatrice Vargas**
Covenant Worker























## *Pag-aaral ng Salita ng Diyos*

**Bilang mga bagong Krisityanong naglalakas sa Panginoon, ang Salita ng Diyos ang magsisilbing ilaw nagagabay sa kanila patungo sa Diyos. Sa patnubay ng Banal na Espiritu Santo, ang katotohanan ng Bibliya ay malalantad sa kanila, sapagkat ituturo Niya sa atin ang mga daan ng Diyos.**




2023 | BIBLE STUDY











PRAISE AND WORSHIP







FELLOWSHIP



# Pag-abot sa mga kaluluwang naghahanap sa Diyos

Sa mga karatig na munisipalidad ng Mt. Tabor ay inutusan ang kaniyang mga manggagawa na humayo at ipaangaral si Kristo para sa mga kaluluwang naghihintay namasumpungan ng Diyos.


HOME BIBLE CHURCH AT MT. TABOR | 2016


BRGY. DAPDAP EAST, PUROK 17


BRGY. CASILE, PUROK 3


BRGY. BUNGGO


SITIO PULONG TALAHIBAN


BRGY. CALABUSO


BRGY. CASILE, PUROK 1


BRGY. CASILE, PUROK 4


BRGY. CASILE, PUROK 6


BRGY. DAPDAP EAST, PUROK 15


BRGY. DAPDAP WEST, TAGAYTAY


BRGY. MABATO, PUROK 4


BRGY. MABATO, PUROK 6


HOUSE VISITATION

# FUTURE MINISTRIES

[2]Then the Lord answered me and said: "Write the vision And make it plain on tablets, That he may run who reads it. [3]For the vision is yet for an appointed time; But at the end it will speak, and it will not lie. Though it tarries, wait for it; Because it will surely come, It will not tarry.

**Habakkuk 2:2-3 (NKJV)**

Ito ay nakatakdang maging bahay ampunan para sa mga ulila, inabandona ng magulng o mga batanga walang tahanan. Sila ay palalakihin sa Salita at pagmamahal ng Diyos. Sila ay lalago sa patnubay at pagtuturo ng Panginoon kasama ang mga manggagawang kanilang magiging ikalawang magulang.



## CENTER FOR CHILDREN



## CENTER FOR THE ELDERLY



Ito ay magsisilbing kanlungan ng mga nakatatandang wala nang pamilyang mag-aalaga at tutulong sa kanila. Dito sila ay aarugain nang may pagmamahal at pag-aalala. Sila ay kakalingain ng mga lingkod ng Diyos at kanilang panahon sa presensiya ng Panginoon.

Higit pa sa tulong medikal ang handog ng health center na itatayo ng UCF. Kalipunan ng mga eksperto sa medisina na may pagmamahal sa Diyos at sa kapwa ang inaasahang itatatag sa susunod na panahon.

## MEDICAL CENTER





*This is for photo reference only.*

# UNITED CHRISTIAN ACADEMY

Train up a child in the way he should go,
And when he is old he will not depart from it.

**Proverbs 22:6 (NKJV)**





1997 | CLASS OPENING



2006 | INAUGURATION



2016 | GROWTH IN POPULATION

## *Simulain ng Pangitain*

**Nagsimula sa iilang estudyante at sa maliit na gusali, ang UCA ay pinalago ng Diyos sa bilang, lawak, sakop at lahat ng aspeto, isang patunay na ang Diyos ay tapat.**



2018 | SMX MALL OF ASIA GRADUATION



**1100+ STUDENTS**

Mula nang maging malinaw ang pangitain kay Rev. Dr. Sy patungkol sa pagtatayo ng isang paaralan ay kabi-kabilang pagsasa-ayos at pagpapalago ang nasaksihan sa UCA. Sa gabay ng Diyos ay laksang kaluluwa ang nasumpungan ng Panginoon sa institusyong tinaguirang "gateway of evangelism" ng panambahan. Naging daan ang UCA upang ang kabataan ay mataniman ng binhi ng Salita ng Diyos upang sa kanilang paglaki ay sila ay magkaroon ng takot sa Diyos.






2024 | 27TH COMMENCEMENT EXERCISES

*Dalawampu't pitong taon nang ginagamit ng Diyos ang UCA upang ibahagi ang Kaniyang pag-ibig.*






# Pagmamahal sa Diyos

Ang pag-ibig ng Ama ang siyang tuwirang ibinabahagi sa mga mag-aaral. Higit dito ay tinuturuan silang unahin ang Diyos sa lahat ng panahon.



## FRIENDSHIP DAY

Ito ay panahon kung saan ang bawat mag-aaral ay nakakapagpuri sa Diyos.



## MEMORY VERSE DRILL

Nakakataba ng puso ang makitang ang kabataan ay mayroong pagkilala sa Diyos.



## CHAPEL SERVICE

Sa pagsasama-samang katulad nito ay mapapapurihan ang Diyos.





2018




2021



2023 | RETREATS

Tuwing retreat ay nararanasan ang malayang paglapit sa paanan ng Diyos.

"I experienced the presence of the Holy Spirit. It was an answered prayer. The night before, I prayed that His presence will fill the entire place and all people will experience Him, and we all did.



Dartagnan Valloso
2023 Retreat Participant



2016



2017

Ang retreat ay ang araw na ang mga estudyante ay nakakapakinig ng Salita ng Panginoon at kung saan ang Kaniyang presensiya ay mararanasan.





2022

Mga kagi-gilalas na pagkilos ang nasaksihan sa buhay ng mga mag-aaral.





2019



2023

Mula sa kabataang ito ay inaasahang uusbong ang mga susunod na tapat na mga lingkod ng Diyos.

# Continuing Professional Deveoplemnt

Nood 2017 ay nagbukas ng pinto ang Panginoon upang ang UCA ay magawaran ng *Professional Regulatory Commission (PRC)* ng lisensya upang bumuo ng mga seminar at pagtuturo sa kaguruan sa Pilipinas. Humigit kumulang walong libong mga guro na ang naserbisyuhan mula noon.






2017 | CPD SEMINARS




4,000+ TEACHER PARTICIPANTS 2022 | DEPED SEMINAR



2018



2019




2020 | LAUNCH OF ONLINE




# UCA Online

Ang UCA Online ay isang learning platform na naging pagsasakatuparan ng layuning noonpaman ay inilagak na sa puso ni Rev. Dr. James Sy, ang umabot sa mas maraming estudyante sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas at ng mundo. Higit sa inaasahan ay pandemya pa ang nagnagbunsod sa pamamaraang ito.




2021 | MATH & SCIENCE DAY



2021 | CHAPEL SERVICE








2021 | ONLINE RETREAT

*Masigla ang mga online students na umaattend ng kanilang Google Meet.*








# UCA COLLEGE OF ASIA

"The fear of the Lord is the beginning of wisdom,
And the knowledge of the Holy One is understanding."

**Proverbs 9:10 (NKJV)**

UCA COLLEGE OF ASIA 2008

## *The access to a brighter future*

Katuwang ang TESDA, ang UCACOA ay nagbibigay sa mga karapat-dapat na mga mamamayan ng scholarship grant upang kanilang maranasan ang klase ng pagsasanay na ihahanda sila na maging propesyonal na hindi lamang mahusay, kung hindi ay lumalakad din kay Kristo.



CERTIFIED TRAINING AND COMPETENCY ASSESSMENT CENTER



**4 TATAK TESDA CHAMPIONS**
**2 TVET AMBASSADORS**
**6 TESDA-CERTIFIED TRAINERS & ASSESSORS**




2014 | TATAK TESDA CHAMPION

*Gumawa ng kasaysayan si Merryll Lhorvin Santos nang maging pinakabatang nanalo sa TATAK TESDA Video Making Contest noong 2015.*

2015 | TATAK TESDA CHAMPION

Ilang libong mga iskolar na ang nagbago ang buhay mula nang magtapos sa iba't ibang kurso. Layunin ng UCACOA, katuwang ang TESDA, na mabigyan ng pagkakataon ang mga kababayan nating nangangarap ng marangal at propesyonal na trabaho. Pinapaigting dito hindi lamang ang kanilang mga kakayanan at karunungan, kung hindi maging ang kanilang espirituwal na buhay. Wala nang sasapat pa sa paggamit ng Diyos at Kaniyang pagkilos.

**2,200+ TWSP SCHOLARS**



*Sa tulong ng mga scholarship ay naibahagi sa mga nangangailangan ang dekalidad na training.*



2013 | ACTUAL TRAINING



2023 | ONLINE CLASS

Naipagpatuloy ang libreng pag-aaral kahit online sa pamamagitan ng Google Meet sa UCACOA Online.



2019 | 13TH COMMENCEMENT EXERCISES

2019 | STAR RATING & CHED INSPECTION



2023 & 2024 | 15TH & 16TH COMMENCEMENT EXERCISES

Siyam na batches na mahigit 125 CCS NC II scholars ang nabigyan ng oportunidad upang maging propesyonal at makahanap ng magandang trabaho.



2024 | CHED INSPECTION

2024 | CHED RECOGNITION

Isang katuparan din ng pangako ng Diyos ang pagkakagawad ng Commission on Higher Education (CHED) sa UCACOA ng Recognition upang tuluyang maging rehistradong paaralan na maghahatid ng pang-kolehiyong edukasyon.

# UCF THEOLOGICAL SEMINARY

Be diligent to present yourself approved to God, a worker who does not need to be ashamed, rightly dividing the word of truth.

2 Timothy 2:15 (NKJV)

## Paghubog ng mga lingkod

Sa pagsunod ng lingkod ng Diyos, si Rev. Dr. Sy ay tumugon sa Kanyang panawagan na ihanda ang mga manggagawa ng Panginoon sa pamamagitan ng pagpapalalim ng kanilang pang-unawa sa Salita ng Diyos upang sanayin sila para sa pangangaral ng Salita ng Diyos.



1993 | FIRST BATCH OF SEMINARIANS



2009 | UCFTS GRADUATES

Muling nagbukas ang Bible School at tinawag na itong UCF Theological Seminary.



2016 | CERTIFICATE GRADUATES



2015 | DIPLOMA AND BACHELOR GRADUATES

Higit tatlong dekada na ang lumipas mula nang magbukas ang unang batch ng klase sa UCF Bible school. Maigting na pag-aaral ng Salita ng Diyos at doktrina ng Bibliya ang naranasan ng mga seminarista. Kasabay ng paglilingkod nila ay ang kanilang paglalim sa mga prinsipyong hango direkta sa mga aral ni Hesus. Ang bawat isa ay masigasig na nag-aaral bilang bahagi ng training nila para sa paglilingkod sa Diyos.

Upang maging mahusay na manggagawa, masigasig na ginagabayan ni Rev. Dr. Sy ang mga estudyante na magkaroon ng matibay na pundasyon ng katotohanan sa kanilang buhay.




Ang mga anak ng Diyos ay nagsasanay upang magamit nang higit pa sa ministeryo ng Panginoon.




2019 | UCFTS CLASS

Matapos ang tatlong taon ay muling nagbukas ang UCFTS para sa mga bagong semenarista.

# *Pagsasanay para sa gawain ng Diyos*

Upang magpatuloy sa pagsanay ng mga manggagawa ng Panginoon, muling nagbukas ang UCFTS noong taong 2019. Sama-samang natuklasan at pinag-aralan ng mga estudyante ang Mabuting Balita ni Kristo sa pamamagitan ng patnubay ng kanilang mga instruktor sa UCFTS.




2021 | UCFTS ONLINE

Hindi hadlang ang pandemya para sa mga lingkod ng Diyos.





Ipinanalangin ni Rev. Dr. Sy ang mga nagsipagtapos ng UCFTS na sila ay patuloy na gamitin ng Diyos para sa Kaniyang kaluwalhatian.



2022 | BACHELOR GRADUATES

2023 | ORIENTATION

Kaluguran ng mga anak ng Diyos na lalo silang masanay para sa mas malaki pang paggamit ng Diyos sa buhay ng bawat isa.

# UCF-TV


And He said to them, "Go into all the world and preach the gospel to every creature.


Mark 16:15 (NKJV)
















## UCF-TV Shows


Noon pa man ay ilang programa na rin ang ginawa at naisa-ere sa pamamagitan ng Internet. Tampok dito ay nagpatotoo na ang Diyos ay tunay na buhay.

Reporter and Broadcaster
ABS - CBN (DZMM) 1989 - 1991







VIA (Visions in Action) is the first newsletter of UCF that started in 1999.





caption caption caption caption caption caption caption caption caption caption caption caption

## Voice of the Vision

Ang pagsusulat ay isang epektibong paraan ng paghahayag ng Salita ng Diyos. Sa bawat Salita ay dalangin ng mga manggagawa ang pagdaloy ng kapangyarihan ng Diyos.

Ang dalhin ang Salita ng Diyos at ipakilala si Hesu Kristo gamit ang iba't ibang media tulad ng internet, radyo, track at pahayagan sa Pilipinas at sa iba't ibang bansa. Hindi distansya o oras ang hadlang upang umabot sa mga nawawalang tupa ng Panginoon. Ang buong kapatiran ay kasama din sa pagbuo ng mga kasangkapang magagamit sa ebanghelyo sa harap man o likod ng kamera.






# Online Broadcast

Sa pamamagitan ng Youtube at Facebook ay naihahatid ng buo ang mga kasalukuyang programa at gawain ng panambahan saanman sa mundo. Malayo man ay kanilang ramdam ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan. Patunay dito ang Kaniyang malayong




**1,300+ AVERAGE WEEKLY VIEWERS**

**Adelaida Tapat Cariño**
Thank You, Lord for the message that I hear. Amen! Praise You, Jesus!

**Carl Henry Damaso**
We need to trust in Him and we need to trust God.

**Vanessa Ballad**
Thank you po Teacher **Karen Ngo** for sharing everytime and God bless you all, especially UCA Family.

**Lyn Chavez**
Staisha Faith Dela Cruz and family watching from Kuwait. Merry Christmas and God bless everyone!



*Masugid ding nanunuod ang mga kabataan natin sa bawat programa at AVP na ginagawa.*



2021 | BSOTA SHOOT AT MT. TABOR

# Bible Study on the Air

Naisahimpapawid ding muli ang Bible Study on the Air sa panahong hindi inaasahan ng mga pastor at manggagawa, sa gitna ng pangamba at takot na dulot ng pandemya. Matapos ang higit isang taon ay humigit kumulang 50 na episode ang matagumpay na naipalabas sa mga social media site.



2022 | BSOTA SHOOT WITH LIVE AUDIENCE



2020 | BSOTA PILOT EPISODE


# MULTIPURPOSE COOPERATIVE

And God is able to make all grace abound to you, so that having all sufficiency in all things at all times, you may abound in every good work.

**(Mga Kawikaan 22:6 MBBTAG)**



PERSPECTIVE DRAWING



## *Pagtugon sa mga Pangunahing Kailangan*

Malinaw na sinabi ng Salita ng Diyos na Siya ang nagbibigay ng kapangyarihan sa Kanyang mga lingkod upang sumagana. Siya rin ang tapat na nangako na ang bawat tapat na lingkod ay pagpapalain Niya ang tinapay at tubig na kakanin nito. Kaya naman isa sa mga ministeryong itiniwala ng Diyos sa UCF ay ang Multi-purpose Cooperative.



Republic of the Philippines
Office of the President
Cooperative Development Authority
Calamba Extension Office

CGS NO. REG-2015-0025

Certificate of Good Standing

is conferred to

United Christian Fellowship Multipurpose Cooperative
#91 Tagaytay-Canlubang Road, Brgy. Casile, Cabuyao, Laguna

CIN : 4020152645I

A Cooperative duly registered with this Authority under Registration No. 9520-1040000000026451 on 2/25/2015 for being compliant with all the requirements under Memorandum Circular No. 2011-16.

This Certificate is issued for BIR Tax Exemption purpose only upon request of said cooperative and shall be valid and effective until April 30, 2016.

Issued this 25th day of February, 2015 in the City of Calamba, Province of Laguna, Philippines.

EULOGIO T. CASTILLO, Ph. D
Officer-in Charge, CDA

By:

SALVADOR V. VALEROSO
REGIONAL DIRECTOR

2015



2021





Ang UCF Multi-Purpose Cooperative ay espesyal na nakatuon sa pagbibigay ng pagkakataon sa mga lingkod ng Diyos na sumagana upang matustusan ang pangunahing pangangailangan ng bawat isa sa araw-araw. Mga negosyo ang nakatakdang pasimulan kung saan ang bawat isang may share sa kooperatiba ay makakakuha ng dibidendo na makakatulong sa pinansiyal na aspeto ng mga manggagawa at miyembro ng UCF. Tunay na ang Diyos ay hindi pinababayaan ang Kaniyang mga anak.





*Sa panahon ng pandemic, natulungan ako ng UCF Multi-Purpose Cooperative para magkaroon ng puhunan para sa food business na sinimulan ko at magkaroon ng pondo para sa future. Salamat sa Diyos dahil sa halos dalawang taon ng pandemic ay mayroon pa rin kaming pinagkakakitaan at hindi Niya kami pinagkukulang.*



**Sis. Cristina Iniego**
*UCFMPC Member*



BENEVOLENT MINISTRIES

# CALAMITY OUTREACH

At huwag nating kaligtaan ang paggawa ng mabuti at ang pagtulong sa kapwa, sapagkat iyan ang alay na kinalulugdan ng Diyos.

Mga Hebreo 13:16 (MBBTAG)



Sa gitna ng unos at kalamidad ay ginamit ng Diyos ang UCF upang pagpalain ang mga biktima ng mga hindi inaasahang sitwasyon sa klima at kalamidad. Hindi alintana ang panganib o ang sariling pangangailangan upang magpagamit sa Diyos sa gawaing aabot at tutugon sa pangangailangan ng marami. Sa huli, pasasalamat sa Diyos ang namutawi sa labi ng mga pinagpala Niya.



## 2013 TYPHOON MARING | PARAÑAQUE

*Kasagsagan ng pag-ulan at pagbaha nang magbigay ng mga damit at pagkaini ang mga manggagawa sa mga nasalanta.*



## 2020 TAAL VOLCANO ASHFALL | LIPA & ROSARIO, BATANGAS

*Sa kabila ng banta ng posibleng pagputok muli ng bulkan ay nag-abot ng tulong ang pamilya ng UCF.*

## 2020 TYPHOON ULYSSES | INFANTA, QUEZON




*Tunay na ang mga disipulo ng Diyos ay nakikilala dahil sila ay nagmamahalan. Patunay nito ay ang pag-alala ng UCF sa ibang mga anak ng Panginoon.*

**600+ TOTAL BENEFICIARIES**

BENEVOLENT MINISTRIES

# MISYON

15 Sikapin mong maging kalugud-lugod sa paningin ng Diyos, isang manggagawang walang dapat ikahiya at tama ang paggamit sa salita ng katotohanan. 16 wasan mo ang mga usapang walang paggalang sa Diyos, sapagkat ang mga iyan ang lalong naglalayo ng mga tao sa Diyos. 17 Ang mga salita nila ay parang ganggrena na kumakalat sa katawan. Kabilang sa mga nagturo ng ganito ay sina Himeneo at Fileto.

**2 Timoteo 2:15 (MBBTAG)**




Sa pangakong sasamahan at kakasihan ng Diyos ang Kaniyang mga sinugo, buong tapang at tatag na sinuong ng Kaniyang mga lingkod maging ang mga kabundukan at karagatan sa pusong ibahagi si Hesu Kristo. Bilang mga asin at ilaw ng sanlibutan, sila ay humahayo dala ang Salita ng Diyos.





**1989 ORIENTAL MINDORO**

*Hindi pa man buo ang ngayo'y mga ministeryo ng UCF ay nilalakbay na ni Rev. Dr. William Sy ang iba't ibang probinsya para sa ebanghelyo. Ito ay sa kabila ng mga delikadong sitwasyon o lugar.*









**1994 ORIENTAL MINDORO**

*Walang ibang hangarin ang punong pastor kung hindi iproklama si Hesu Kristo saanman siya magtungo.*





**1994 ORIENTAL MINDORO**

*Lisanin man si Rev. Dr. Sy ng ibang mga manggagawa, siya ay nagpatuloy sa paghahasik ng binhi sa puso ng mga tao sa pagtitiwalang siya ay hindi iiwan o pababayaan ng Diyos.*

**2002 ORIENTAL MINDORO**









Matamis na ngiti at pasasalamat sa Diyos ang tuwinang sumasalubong sa mga misyonaryo higit lalo mula sa mga batang benepisyaryo.



**2006** PUERTO GALERA, ORIENTAL MINDORO

Malalayong lugar ang tinahak at tatahakin ng UCF upang ihatid ang iba't ibang uri ng tulong mula sa pusong handang magpagamit sa Diyos.

**2011** IFUGAO

Hindi alintana ang mahabang biyahe sapagkat ang Diyos ang Siyang laging kasama. Imbes na pagod ay napuno ang gawain ng saya.



*Nakita at naranasan ko ang pagkilos at pagsama ng Diyos. Kahit na may mga aberya na nangyari, hindi ito naging dahilan upang hadlangan ang gawain. Mas nanaig sa'kin ang pagtitiwala ko sa Kaniyang kapangyarihan at Kaniyang kayang gawin. Maraming kababayan natin ang nabahagian ng Kaniyang kabutihan at ng Kaniyang Salita.*

**Sis. Chrysantha Iniego**
2017 Misyon Volunteer





Gamot, damit, pagkain at ibang tulong ang hatid ng UCF sa bawat probinsiyang binibisita.






2017 ALIBOG, OCCIDENTAL MINDORO

Mga ilang na isla ang dinarayo sa pag-asang ang mensahe ng Diyos ay maiabot. Higit sa mga hindi malilimutang karanasan ay ang masaksihan ang mga kaluluwang nakaranas ng habag at awa ng Diyos.

2017 BULALACAO, ORIENTAL MINDORO






Dalangin ng UCF na ang mga naibahaging pagpapala ay makatulong sa mga anak ng Diyos.

**2018** QUEZON PROVINCE

Masayang sumasalubog ang mga benepisyaryo saanmang dako dumayo at tumulong ang UCF.




**2022** CATANAUAN, QUEZON PROVINCE

Kaiba sa ibang misyon, ang UCF ay bumisita sa mga lokal na panambahan upang tumulong sa mga kapwa nitong mananampalataya. Ang pangangailangan ng mga panambahan ay natutugunan.

CAGAYAN VALLEY **2023**




*Purihin ang Panginoon! Kami ay napakapalad sapagkat dinayo niyo kami rito sa Catanauan. Kami ay nagpapasalamat sa Diyos sapagkat ang team ng UCF ay ginagamit ng Diyos para mapalakas pa ang body of Christ dito sa munisipyo ng Catanauan. Salamat sa Panginoon!*



**Ptr. Renato German**
Word of Life Church

BENEVOLENT MINISTRIES

# MEDICAL-DENTAL-OPTICAL OUTREACH MISSION

**Nilibot ni Jesus ang buong Galilea. Nagtuturo siya sa mga sinagoga at ipinapangaral ang Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos. Pinapagaling din niya ang lahat ng uri ng sakit at karamdaman ng mga tao.**
**Mateo 4:23 (MBBTAG)**

Ginawa para ibsan ang pangunahing pangangailangang pangkalusugan, ang medical-dental-optical outreach program ay naging komunidad ng mga doktor at boluntaryong may pusong umabot at tumugon sa mga may sakit at nangangailangan ng kagalingan ng Diyos. Higit sa mga libreng handog, wala nang tutumbas pa sa Salita ng Diyos na ipinapahayag sa mga tao at nagbibigay pag-asa sa kanila.














**1999 PARAÑAQUE CITY**

*Mula pa noon ay naging kasangkapan na ang UCF upang mula dito ay dumaloy ang pagpapalang espirituwal at pangkalusugan ng maraming benepisyaryo kasabay ng kanilang ganap na pagkaranas sa Diyos.*






**2002 PARAÑAQUE CITY**

*Mula sa iilang benepisyaryo ay lumago ito hanggang umabot na sa daan-daan ang umaasa sa libreng tulong medikal.*

**2009 PARAÑAQUE CITY**









Maging ang mga propesyonal na manggagawa ay ginamit ang kanilang espesyalisasyon upang maipamalas ang habag at awa ni Kristo.



**2009** **PARAÑAQUE CITY**

Sa maraming kaparaanan ay ipinadama ng mga boluntaryo na ang mga tao ay mahal ng Diyos. Mula sa pagdating hanggang sa kanilang pag-uwi ay labis ang pag-asikaso at pag-asista sa mga benepisyaryo.



**2011** **CABUYAO, LAGUNA**

Dekada matapos ang unang medical mission ay sinubukan naman ng UCF na simulan ang gawain sa Mt. Tabor. Dito ay lubos-lubos ang pasasalamat ng mga benepisyaryo dahil naibsan ang kanilang mga pangangailangan.

**2013** **PARAÑAQUE CITY**



*Salamat sa Panginoon dahil isa ako sa mga ginamit Niya upang makatulong sa mga tao gayundin ay makapagbahagi ng Gospel.*



**Bro. Jezreel Murillo**
2018 Medical Mission Volunteer




Katuwang ay mga boluntaryong doktor na nagpamalas ng kanilang pagtugon sa gawain.

2014 PARAÑAQUE CITY

Nasuyod na ang maraming bahagi ng Fourth Estate sa pagbabakasakaling mula sa mga benepisyaryo ay umusbong ang mga bagong anak ng Diyos at susunod na mga tapat Niyang lingkod.



2015 PARAÑAQUE CITY



2016 PARAÑAQUE CITY

Mula sa mga puso ay namumutawi sa mga labi, walang ibang bukambibig ang mga bluntaryo kundi si Hesus na Siyang nagbigay buhay upang tubusin  tayo sa kasalanan.

2018 PARAÑAQUE CITY






**7,700+**
**TOTAL BENEFICIARIES**



**2018 ALABAT, QUEZON PROVINCE**

*Sa malawak na isla na ito ay mga lokal na simbahan ang matatagpuang matiyagang nangangaral kay Hesus, kaya naman ito ay napili ring pagganapan ng medical mission na umabot din sa daan-daang benepisyaryo.*




**2023 CABUYAO, LAGUNA**

**2024 CABUYAO, LAGUNA**




*Hanggang sa kasalukuyan ay dala ng UCF ang adhikaing gamitin ang programang ito upang magdala ng kaluluwa sa paanan ng Diyos.*

BENEVOLENT MINISTRIES

# PAMASKONG HANDOG

**At huwag nating kaligtaan ang paggawa ng mabuti at ang pagtulong sa kapwa, sapagkat iyan ang alay na kinalulugdan ng Diyos.**

**Mga Hebreo 13:16 (MBBTAG)**

Tuwing kapaskuhan ay biyayang maituturing sa ating mga kapos-palad na kababayan ang mga grocery pack na kanilang pinagsasaluhan tuwing noche buena at salo-salo ng pamilya. Mula sa kontribusyon ng mga manggagawa ay nakakalikom ng pondo upang makapagpala rin ng iba at sa simpleng paraan ay kanilang makitang kailanman ay hindi maikli ang kamay ng Panginoon upang hindi sila abutin at pagpalain sa pisikal at espiritwal na aspeto.





1999 PASIG CITY



2006 PARAÑAQUE CITY



*Sa pag-alala sa mga biyaya at kabutihan ng Panginoon ay taos puso ring nagpapagamit ang Kaniyang mga anak sa gawain ng pagbibigay.*





2013 PARAÑAQUE CITY

*Ginalugad din ng UCF ang mga komunidad upang makatagpo ng mga pamilyanng higit na nangangailangan. Walang kasintamis na mga ngiti at pasasalamat sa Diyos ang kanilang tugon.*

2013 CABUYAO, LAGUNA



## 800+ TOTAL BENEFICIARIES

**2020** PARAÑAQUE CITY



*Sa pangakong siksik, liglig at umaapaw na biyaya kaya naman ang UCF ay patuloy na nakakapagbigay.*



**2015** CABUYAO, LAGUNA

*Pami-pamilya ang napagkalooban at nagkaroon ng masaganang kapaskuhan dahil sa biyayang hatid ng UCF.*



**2019** TRECE MARTIRES, CAVITE

*Tirik man ang araw at hindi man komportable ang lugar ay tinahak pa rin ng UCF ang Cavite upang ipaabot ang kaloob ng Diyos. Umuwi ang lahat na mayroong ngiti at pasasalamat sa Diyos.*

**2021** CABUYAO, LAGUNA



BENEVOLENT MINISTRIES

# HIT AND RUN

[15]Sikapin mong maging kalugud-lugod sa paningin ng Diyos, isang manggagawang walang dapat ikahiya at tama ang paggamit sa salita ng katotohanan. [16]Iwasan mo ang mga usapang walang paggalang sa Diyos, sapagkat ang mga iyan ang lalong naglalayo ng mga tao sa Diyos. [17]Ang mga salita nila ay parang ganggrena na kumakalat sa katawan. Kabilang sa mga nagturo ng ganito ay sina Himeneo at Fileto.

**2 Timoteo 2:15 (MBBTAG)**



Gabi ng Disyembre ay tinutungo ng UCF ang mga kalsada, eskenita at parke ng Maynila upang magbigay ng mga bagong lutong pagkain at inumin na maaaring magbigay laman sa kanilang mga kumakalam na sikmura.



**2010** NAIA, PASAY CITY & LAWTON, MANILA

*Buong pasasalamat na tinanggap ng mga kababayan natin ang mga pagkain.*



**2012** MALATE, MANILA

*Pagtanggap pa lamang ng mga pagkain ay agad na nila itong binuksan nang mayroong pasasalamat sa Diyos.*



**2013** ROXAS BLVD., MANILA

*Higit sa pantawid gutom, nagbibigay din sa kanila ng ibayong lakas ang panalangin na pinangunahan ng mga manggagawa na mayroong pag-asang nagmumula lamang kay Hesus.*

**2015** CABUYAO, LAGUNA





Matamis na ngiti at pasasalamat sa Diyos ang tuwinang sumasalubong sa mga misyonaryo.

## 2,400+ TOTAL BENEFICIARIES

**2018** **MANILA** Nililibot ng UCF ang kahabaan ng Maynila pagsapit ng hatinggabi upang hanapin ang mga dapat mabiyayaan sa gabing ito.

**2020** **PARAÑAQUE & LAS PIÑAS**



Hindi alintana ang lalim ng gabi o ang layo ng lugar upang ipaabot ng UCF ang mga biyaya.



**2021** **MANILA** Para sa mga naninirahan sa malamig na kalsada tuwing gabi, mainit na pagkain ang nagpupuno sa kanilang kumakalam na tiyan.



BENEVOLENT MINISTRIES

# GIFT GIVING AND EDUCATION OUTREACH

Magbigay kayo at kayo'y bibigyan din; hustong takal, siksik, liglig, at umaapaw pa ang ibibigay sa inyo. Sapagkat ang panukat na ginagamit ninyo sa iba ay siya ring gagamiting panukat sa inyo."
**Lucas 6:38 (MBBTAG)**

Mula sa mga pagpapalang kaloob ng Diyos ay natutunan din ng mga manggagawa ang pagbibigay sa kapwa bilang daluyan ng pagpapala ng Diyos. Bukod sa mga kaloob na regalo, kalakip ng kapaskuhan ay ang pag-ibig ng Diyos dala ng mga manggagawang hangad na ang lahat ng makakatanggap ay magbigay papuri sa Diyos.





1999



2005



2006

*Nagpapasalamat ako na nakasama ako sa Gift Giving noong 2005. I felt blessed dahil bata pa lang ako noon ay nabigyan na ako ng pagkakataong makapagbigay o maging blessing sa ibang tao.*



**Sis. Mariel Porquiado**
*2005 Gift Giving Volunteer*



2010

FOURTH ESTATE ELEMENTARY SCHOOL

*Ang mga mag-aaral mula sa pampublikong paaralan ang pangunahing benepisyaryo nito.*

2018



*Maiban sa mga school supply ay nagbibigay din ng mga grocery pack sa bawat pamilya ng mga mag-aaral.*

**1,200+ TOTAL BENEFICIARIES**




## Sunday Worship Service

**SUNDAY, 3:00 PM**
Brgy. Casile, Purok 1, Cabuyao, Laguna

## Home Bible Church

**TUESDAY, 5:00 PM**
Brgy. Dapdap East, Purok 17, Tagaytay / Sitio Balagbag-Araw, Calamba
*Hosts: Sis. Sebrina Hernandez & Sis. Mely Atienza*

**TUESDAY, 6:00 PM**
Brgy. Casile, Purok 3, Cabuyao, Laguna
*Hosts: Bro. Kap. Orlando de Sagun & Sis. Dina de Sagun*

## Home Bible Study

**TUESDAY, 3:00 PM**
Brgy. Calabuso, Purok 13, Tagaytay, Cavite
*Host: Bro. Ricardo Robles*

**THURSDAY, 4:00 PM**
Brgy. Dapdap West, Tagaytay, Cavite
*Hosts: Bro. Jo Rogacion & Sis. Beth Rogacio*

**THURSDAY, 6:00 PM**
Sitio Pulong Talahiban, Silang, Cavite
*Hosts: Bro. Ronald Alarca & Sis. Mary Enriquez*

**THURSDAY, 6:00 PM**
Brgy. Casile, Purok 1, Cabuyao, Laguna
*Host: Sis. Niña Murillo*

**FRIDAY, 1:30 PM**
Brgy. Bunggo, Calamba, Laguna
*Host: Bro. Raymundo Robles*

**FRIDAY, 3:30PM**
Brgy. Mabato, Purok 4, Calamba, Laguna
*Hosts: Sis. Myrelle & Bro. Domeng Villanueva*

**FRIDAY, 5:00 PM**
Brgy. Casile, Purok 6, Cabuyao, Laguna
*Hosts: Bro. Efren Bayona & Sis. Gerlyn Bayona*

**FRIDAY, 5:00 PM**
Brgy. Dapdap East, Purok 15, Tagaytay, Cavite
*Hosts: Sis. Elizabeth Mendoza & Sis. Dorotea Hernandez*

**FRIDAY, 5:00 PM**
Brgy. Mabato, Purok 6, Calamba, Laguna
*Hosts: Bro. Joel Fresnido & Sis. Nenith Fresnido*

**SATURDAY, 6:00 PM**
Brgy. Casile, Purok 4, Cabuyao, Laguna
*Hosts: Bro. Rizalino Sanchez & Sis. Maribel Sanchez*

# COME AND VISIT

UCF Mt. Tabor Church and Re-Creation Center

UCF Mt. Tabor Church and Re-Creation Center, where your spirit finds rest! Feel the cool breeze, bask under the sun, and appreciate the wondrous creations of the Lord. You and your loved ones will surely enjoy your day in this relaxing and peaceful place.



## NOW OPEN FOR

- Church Activities
- School Retreats
- Company Gatherings
- Seminars & Events
- Family Reunions
- Team Building
- Special Events
- Outing/Getaway
- Staycation

FOR INQUIRIES AND RESERVATIONS, contact 0917-305-4929.

---

# Experience UNITED CHRISTIAN ACADEMY

DepED Recognized · TESDA Accredited · FAPE Certified · Accredited CPD Provider · Government Permit (CHED)

CHRISTIAN Values · ACCESSIBLE 24/7 WORLDWIDE · FUN & EXCITING LEARNING

**Complete K-12 Course**
- Pre-school
- Elementary
- Junior High School
- Senior High School

SCHOLARSHIPS AVAILABLE

**ESC SCHOLARSHIP** for incoming Grade 7 Students from Public School

**TUITION FREE** for incoming Grade 11 Students from Public School

visit our website
www.ucaphil.online
0917-100-7345 (Globe)
0918-985-1287 (Smart)

Course offering for A.Y. 2023-2024

**BTVTEd**
Bachelor of Technical-Vocational Teacher Education

Now accepting Freshmen, Transferees & Returnees

**ENROLL NOW!**

---

# UCA COLLEGE OF ASIA

in partnership with Bicol Saro Partylist Congressman Brian Yamsuan



FREE TESDA TRAINING
## CONTACT CENTER SERVICES NC II
with Allowance

**REGISTER NOW**

Requirements:
- 18 years old and above
- At least High School graduate
- PSA Birth Certificate
- Diploma/Certificate (from previous school)

VISIT OUR CAMPUS
17 Highlight St., Fourth Estate Subd.
San Antonio, Parañaque City

Call or text:
0992-735-6343

---

**Follow United Christian Fellowship on its official social media sites to receive news and updates.**

- Facebook: @UCFOfficial
- YouTube: @UCFOfficial
- Instagram: @UCF_Official
- Twitter/X: @UCFOfficial1

**Scan these QR CODES.**